

# PAHAYAG

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA, IPINAGDIWANG SA LEBANON



### MGA LARAWAN

**UNANG HANAY** – Pagbibigayng mensaheni Embahador Leah M. Basinang-Ruiz; **PANGALAWANG HANAY** – Embahador Ruiz (pang-apatmula Kanan), kasamasi (Kaliwa-Kanan) Cultural Officer Bb. Gladys Perey, Welfare Officer Ginang Imelda Gatinao (Hurado), Ginang Marivic Davies (Hurado), Bb. Marilyn Labosta (kalahok, nagkamitng pang-apatnapuwesto), Bb. Gemma Division (kalahok), Bb. Jasmine Acevedo (kalahok, nagkamitng pang-limangpuwesto), Ginang Juliet Capati (Hurado), Vice Consul Bb. Rona Beth Goce (Hurado), at Labor Attaché Ginoong Bulyok Nilong (Hurado); **PANGATLONG HANAY, KALIWA** – Inaanunsiyoni Vice Consul Goce ang mganagwagi; **PANGATLONG HANAY, KANAN** – binabasani Information Officer Edwin Batallones ang mgatula at sanaysayng mgahindinakarating nakalahok.

**Ika-02 ng Setyembre 2013** – Bilangpag-gunita sa Buwan ng Wikang Pambansa at alinsunod sa tagubilin ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ipinagdiwang ang Buwan ng Wikang Pambansa sa Lebanon sa buong buwan ng Agosto 2013, sa pamamagitan ng isang patimpalak ng pagkatha ng orihinal na sanaysay o tula na ayon sa temang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Noong ika-2 ng Agosto 2013, ang Embahada ay nagpalabas ng patalastas sa Facebook upang hikayatin ang mga Pilipino sa Lebanon na sumali sa patimpalak. Mabilis na kumalat ang balita at ang Embahada ay nakatanggap ng labing-dalawang lahok na nanggaling sa labing-dalawang Pilipino na nagtrabaho sa Lebanon.

Noon Sabado, ika-31 ng Agosto, pinangunahan ng Embahador ng Pilipinas sa Lebanon na si Ginang Leah M. Basinang-Ruiz ang isang programa na idinaos upang piliin ang pinakamagandang tula o sanaysay ayon sa mga itinakdang pamantayan ng Embahada.

Inanyayahan ng Embahada na dumalo sa programang ito ang mga nagsumite ng kanilang mga lahok upang sila ang magbasa ng kanilang mga tula. Sa kadahilanang may mga trabaho sila ngayong araw na ito, ang ilan sa mga kalahok ay hindi nakarating. Kabilang sa mga hurado ay tatlong opisyal ng Embahada at dalawang miyembro ng komunidad ng Pilipino na kaugnay sa tanggapan ng mga sangay ng Nagkakaisang Bansa sa Lebanon.

Bago nagsimula ang pagbasa sa mga lahok at paghusga nito, nagbigay si Embahador Ruiz ng mensahe kung saan pinasalamatan nya ang lahat ng dumalo sa palatuntunan kasama ditto ang mga nagbigay ng kanilang mga lahok at ang mga hurado na nagbigay ng kanilang oras upang maisagawa ang timpalak. Pinurini Embahador Ruiz ang mga sumali at binigyan niyang diin na puro magagalng at talagang may kakayahan sila na kumatha ng tula o sanaysay. Binigyang diin din ni Embahador Ruiz ang kahalagan ng wikang Pilipino sapagkat ito ay nagsisilbing pagkakakilanlan natin ng ating sarili at kamalayan nating lahat bilang mamamayang Pilipino. Sinabi din ni Embahador Ruiz na ang temang pagdiriwang na “Wika Natin ang Daang Matuwid,” ay naayon sapatakaran at prinsipyo ng kasalukuyang administrasyon na “DaangMatuwid.”

Sa harap ng mga hurado, ng mga dumalo na mga manggagawang Pilipino sa Lebanon at mga kawani ng Embahada, binasa ang mga tula at sanaysay at ito ay hinusgahan.

Ang nagkamit ng pinakamataas na puwesto ay si Bb. Gemmabel Callos na tumanggap ng tatlong daang dolyar bilang gantimpala maliban sa nakakuwadrang Katibayan ng Pagpapahalaga. Ang pangalawang puwesto naman ay nakamit ni Bb. Nancy Ledesma at ang pangatlong puwesto naman ay nakamit ni Bb. Christine Callos. Ang mga nanalong pangalawa hanggang pang-limang puwesto ay nakatanggap din ng papremyong pera at Katibayan ng Pagpapahalaga. Ang nalalabing kalahok na hindi nanalo ay nakatanggap din ng nakakuwadrang Katibayanng Pagpapahalaga.

Ngayong araw, Lunes, binasa sa harap ng mga kawani ng Embahada at mga Pilipino ng manggagawa na kasalukuyang nasa pangangalaga ng Philippine Overseas Labor Office (POLO) ang tula na kinatha ni Bb. Gemmabel Callos pagkatapos ng seremonya para sa pag-bibigay pugay sa watawat ng Pilipinas. Ang mga iba pang lahok ay babasahin din tuwing Lunes sa mga susunod na linggo. WAKAS

## MGA LAHOK NG UNANG TATLO NA NAGWAGI

*WIKA: SandataSaKahirapan  
Gawani: GemmabelCallos (Unangpuwesto)*

*Mata'ynamulatsahirap at salat,  
Kahirapansabuhaysapuso ay bakas,  
SubalitPilipino'ysadyangmatatag,  
Anonghamonman,tayo'y di matitinag.*

*Wikangsandatalabansakahirapan,  
WikaangsusingPuso'tisipan,  
Atingpambansangbayaniitorinangkasangkapan,  
Ng kanyanglabananmgamapang-aping dayuhan.*

*Hindi namankaylanganngitak o baril pa,  
Angpluma at papelmagandangsandatana,  
Labananangkahirapan,wikaanggamitin,  
Sabosesmongito'yisigawanghinaing.*

*Tayo'ysinakopngmgadayuhangmapang-alipusta,  
Tayori'yinapi,niyurakan at inapak-apakan,  
Subalitbumangonitongsilnang Bayan,  
Ginamitangwikasapakikipagdigmaan.*

*Wikangpambansa ay tuladngHangin,  
Na bumubuhaysapataynadamdamin,  
Katulad din ngbatonasiyangsandigan,  
Sapanahonnatayo'ysubsobsakahirapan.*

*Wikang Filipino sapuso'tisipan,  
Ito angakinggabaysalandasngkahirapan,  
Ito angakingilawsabalongkadiliman,  
Angwikang Pilipino satuwidnadaan,  
Na maipagmamalakikosabuongsanlibutan!  
Taasnooako!!... AKO AY PILIPINO!*

**"ANG WIKA NATIN AY WIKA NG KATARUNGAN AT KALAYAAN"**

Gawani: Nancy Ledesma (pangalawangpuwesto)

*Kahapon....*

*Wikang Filipino angs'yangdahilan,  
Kung bakitkaunlaranatingmakakamtan,  
Kilangannati'ypag-iingatan,  
Upangmakamitangkatahimikan.*

*Katarungansigawngmgamamamayan at sambayanan,  
Kalagaanhangadngatirtglipunan,  
Mulahilaga, timog, silanganpatungongkaunlaran  
Lahattayo ay maykapakanan at karapatan.*

*WikangPambansa, gamitnatingsalita,  
Bayan natingsinilangan, hangadnati'ykalayaan,  
Doktor Jose Rizal atingbayanina maywikangdakila,  
Binuhisangbuhaysaatingbansaparatayoaymagingmalaya.*

*Bayangmutya'ynagtifiissaisanghannaknadampa,  
Salatsayaman,rangya,sakarapatan at salaya,  
Angbayangdinuhagina'ynagmistula pang dalita,  
Kayatanaknitongbaya'ynalugmoksapagluluksa.*

*Sapag-usadngpanaho'gkasa-kasamaangwika,  
Tulayngpagkakaisa,saliganngdernokrasya,  
Naginguikangreporma at tiningpagpapasya,  
Muhon,ngmgadakila,kaluluwangbansa.*

*Mulingniyakap,nakamit, sagisagngatingbansa,  
Wikanatingpinuhunannghimutokdugo'tluha,  
Satalastasan at awit, sapanitikngrnakata,  
Angwikanatingsarili ay himignakumalinga.*

*Ngayon.... Sabayangsarili ay banyagatayonghuwad,  
Sasarilinatinglupa ayalipinangkatulad,  
Maywikanga ,ngunitutikangkinahihiyangsambitin,  
Mayugali'tkaasalanngunithindiinaangkin.*

*Bukas....*

*Kung atingwika ay matatagnanganganap,  
Atingpagka-Pilipino aylakasna nag-aalab,  
Isangbagantayonghandanghaharapsamgahamon,  
Isangbayantayongbukasangtatahaki'ypagsulong!*

*Kay a, b ay an gising !gising! sanabangongotnahihimbing,  
Inangbaya't,Inangwika'ydumaraing,iyongdinggin,  
Bigyangpansinangaminghinihiling,  
KATARUNGAN at KALAYAAN amingmaangkin.*

*"Wikang Filipino; Susi saKaunlaran"*  
Gawani: *Christine D. Callos (pangatlongpuwesto)*

*Wikangkinamulatan, namutawisalabingakinginay  
Kung ito'ybibigkasi'ysintamisngpulpukyutan  
At sapandinig ay awitnglibu-libongibonsasilangan.*

*Sapaglipasngpanahon, bakitito'ynananamlay?  
Wangisnito'yperlasnanilumotsakailaliman  
Kinang at ningningay natatabunan  
Ng wikang Ingles nasalitangdayuhan.*

*Kung atingsusuriin at pagbubulay-bulayan  
Angisangwika ay sangkapngkaunlaran  
MasdanangRussia, Korea at Japan  
Sarilingwikaangpinaryayaman at ngayo'ynamamayagpagsakaunlaran.*

*Sarilingwika 'pagatinginibig  
Magkakaisaangpuso at isip  
Hangadnakaunlaran ay makakamit  
Nitongbansanatingmahalnakaloobnglangit.*

*Wikang Filipino ay atinggawingilaw  
Tungosamabilisan, inklusibo at sustenidongkaunlaran  
Ito'ygawingmaalabupangmaginggabay  
Ng lahingnagkakaisatungosatuwidnadaan!*